April 7, 2022

保護者各位 Sa mga magulang

Komaki City
City Mayor Yamashita Shizuo
Komaki City Board of Education
Superintendent of Education Nakagawa Nobuyoshi

# 学校における新型コロナウイルス感染症の対応について（通知）（タ）

# (Notice) Tungkol sa Pagtugon ng Paaralan sa sakit na COVID-19 “New Corona Virus Infection Disease”

Kami po ay lubos na nagpapasalamat sa inyong pang-unawa at pakikipagtulungan sa mga aktibidad pang-edukasyon ng paaralan. At bagama`t inalis na ng Aichi prefecture ang 「Quasi - State of Emergency COVID-19 measure」 noong March 21 (Monday・Holiday) ay pinag aalalahanan ang pagbalik ng derivative stock ng “Omicron virus”「BA・2」 at hindi pa alam ang magiging kalagayan nito sa hinaharap.

At tulad ng nakasulat sa ibaba ay inaasahan po namin ang inyong pang-unawa at kooperasyon sa pagpapatuloy ng aktibidad pang edukasyon at sisikapin po namin na maipatupad ang mga hakbang para sa pag-iwas sa virus infection sa hinaharap.

NOTES

## １ 今後の教育活動について Tungkol sa Aktibidad pang edukasyon sa hinaharap

○ Hangga`t maaari ay tutugunan ang pag-iwas sa virus infection at isasagawa nang normal ang mga aktibidad pang edukasyon.
○ Ang mga group activities sa paaralan ay lilimitan lamang sa kaunting bilang hangga`t maaari at isasagawa ito nang may pagitan ang upuan at nakasuot ang mask.
○ Sa oras ng breaktime ay papaalalahanan namin ang mga bata na iwasang magkaroon ng close contact sa isa`t-isa.
○ Sa oras ng School lunch ay iwasan ang magkaharap ang lamesa at mag-usap ang bawat isa.
○ At dahil mahalaga ang mga School events tulad ng (Class observation・Sports festival・Athlete meet・Cultural festival) isasagawa ang mga ito na may pagtugon upang makaiwas sa virus infection.
○ At tungkol sa *“bukatsu”* ay isikapin namin na lubos na matugunan ang mga hakbang upang makaiwas sa virus infection.

## ２ 修学旅行等の中止に伴うキャンセル料の負担について

**Tungkol sa bayarin para sa Cancellation fee ng Educational trip at mga katulad nito**

Kung napag desisyunan ng lungsod na kinakilangang i-cancel ang Educational trip dahilan sa paglaganap ng sakit na COVID-19 “New Type Corona Virus Infection”, ang cancellation fee ay babayaran ng buo ng lungsod. Ngunit, kung na cancel ito dahil sa bagyo, hindi magandang lagay ng panahon o personal na layunin ng Mag-aaral o Magulang, ang cancellation fee ay kailangang bayaran ng magulang.

**■対象となる修学旅行等 Mga nasasakupan ng Educational trip at mga katulad nito**

・Grade 5 Camping activity “*Yagai katsudo*”・Grade 6 Educational trip “*Shuugaku ryoko*”
・1st. & 2nd. Year Camping activity *“Yagai katsudo”* , 3rd. Year Educational trip *“Shuugaku ryoko”*

## ３ マスクの着用について Tungkol sa pagsusuot ng mask

○ Sa pamumuhay sa paaralan ay pangunahing itinuturo ang pagsusuot ng mask upang makaiwas sa virus infection
○ Sa oras ng aralin sa P.E ay pinahihintulutan na tanggalin ang mask, ngunit dipende sa sitwasyon ng infection at kung may activity na hindi maiwasan na magkadikitdikit ang mga mag-aaral ay ipanapanatiling isuot ang mask.

## ４ 感染者が確認された場合の対応について Mga pagtugon kung napag-alaman na nahawaan ng virus

○ Kung napag-alaman na nahawaan ng virus ang Mag-aaral gayun din ang mga Guro ng paaralan ay ikukunsulta sa Prefecture`s Hygiene Department at aalamin kung sino ang mga nagkaroon ng close-contact at i-di-disinfect

ang Pasilidad.

- ○ Sa pagkakataong ito, **ay ipapatupad parin ang pagtugon sa sakit na ito at ipagpapatuloy ang pasok sa paaralan. Subalit depende sa sitwasyon, kung kakailanganin ay pansamantalang susupindihin ang pagpasok sa klase o di kaya ay mas maagang papauwiin ng sabay-sabay ang lahat ng Mag-aaral kumpara sa regular na oras ng uwian.** At kahit na holiday ay may pagkakataong isarado ang pasilidad ng paaralan.
- ○ Kung napag-alaman na mayroong nahawaan ng virus ay **hindi ipapalam ang pangalan ng paaralan ngunit pamamagitan ng e-mail ay ipapadala sa mga magulang lamang ng nasabing paaralan sa** dahilan na din upang makaiwas sa usap-usapin at pangungutya sa taong nahawaan.
- ○ May pagkakataon na mag-extend ang pansamantalang pag suspinde ng klase depende sa sitwasyon.

At bilang regulasyon habang pansamantalang nakasuspinde ang klase ay hinihiling po namin na manatili sa tahanan ang mga bata.

## ５　出席の取り扱いについて Tungkol sa Attendance record

- ○ Ang mga mag-aaral na nangangailangan ng Medical care o Mag-aaral na may underlying disease at gayun din ang mga mag-aaral na boluntaryong nag-absent dahilan sa safety measures upang maiwasan na mahawa sa virus infection ay **hindi counted as absent ang pag-liban sa paaralan sa halip ito ay magiging Suspension of attendance batay sa tawag o pakikipag-ugnayan ng magulang sa paaralan.**
At kung nais na mag online class ay tumawag lamang sa paaralan.

## ６　家庭での健康状態の把握について Tungkol sa pag-alam ng kondisyon ng kalusugan sa tahanan

- ○ Nakiki-usap kami na isagawa tuwing umaga ang pag-check sa temperatura at kundisyon ng katawan at pagkatapos ay isulat ito sa「Health Observation Card」at ipasa sa Class adviser.
- ○ Pag pahingahin muna sa bahay kung may nararamdamang pananamlay ng katawan, hirap sa paghinga, may lagnat, may ubo o may sintomas ng colds. Gayundin ay pinapakiusap na i-check din ang kondisyon ng kalusugan ng mga kasama sa bahay.

## ７　学校への連絡について Tungkol sa pakikipag-ugnayan sa paaralan

- ○ **Kung kabilang sa mga sumusunod ay tumawag lamang agad sa paaralan (sa Assistant Principal or Class Adviser) upang maiwasan ang pagkalat ng sakit**
  - ・Kung na diagnose na nahawaan ng virus ang Mag-aaral o kapamilya.
  - ・Kung napag-alaman na nagkaroon ng close-contact ang Mag-aaral o kapamilya.

## 偏見や差別、いじめ等の防止について

## Tungkol sa Pag-iwas sa Discrimination,

## Hindi Magandang Pagturing sa Tao (Prejudice) at Bullying

Hindi ilalathala sa publiko ng Komaki City ang pangalan ng paaralan ng mga mga taong nahawahan at nagkaroon ng closed contact alinsunod sa pag-galang sa karapatang pang tao. Ngunit, nais po naming ipa-unawa sa inyo na kung halimbawang magkakaroon ng pagsuspinde sa pagpasok o pansamantalang pagsasara ng paaralan ay tutugunan ng policy ang pagpapadala ng mail sa mga magulang ng nasabing paaralan.

Sa gitna ng pagpapatupad ng education activities at sa pagsisikap na maiwasan ang pagkalat ng sakit ay hindi pa rin alam kung sino at kailan mahahawahan nito. Kung kaya`t isusulong pa rin namin na palakihin ang mga bata na mayroong pagsasa alang-alang sa kapwa. **Ipinapakiusap po namin na ito ay bigyan ng pansin maging sa inyong tahanan, upang maiwasan ang paninirang puri sa kapwa, pagkalat ng tsismis sa pamilya at sa mga taong may kaugnayan sa taong nahawahan ng sakit na ito.**